

PATNUBAY SA MISA

6 Setyembre 2020

Ika-23 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

Ang Pag-ibig na Nagnanais Mapabuti ang Kapwa

Tayo ay nagdiriwang ng Ikadalawampu't Tatlong Linggo sa Karaniwang Panahon. Ang taong tunay na umiibig ay nagnanais na mapabuti ang kanyang iniibig. Nais ng Diyos na ang kanyang mga anak ay bumuo ng isang mag-anak na nagmamahalan sa isa't isa. Ito ay dapat ipakita sa pamamagitan ng pagtutuwid ng mga kamalian ng mga kapatid na nagkakamali o naliligaw ng landas.

Ang hindi pagtutuwid sa kapwang nagkakasala dahil ayaw mo siyang masaktan ay hindi tunay na pag-ibig. Ang kanyang masamang kahihinatnan ay dapat maiwasan sa tulong ng mga taong talagang nagmamahal sa kanya. Kapag may sakit ang isang tao, kung minsan ay kailangang gumawa ng masakit para siya ay mapagaling, tulad ng pagbibigay ng mapait na gamot, pagtuturok, o pag-oopera sa kanya. Ang mga ito ay masakit ngunit nakagagal-ing. Ganyan din ang pagtutuwid sa kapwang naliligaw ng landas; ito ay masakit subalit nagdudulot ng kaganapan sa buhay.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ikaw ay tama at banal sa tapat mong kautusan, Panginoong aming mahal. Kami'y iyong pag-ukulan ng lugod mo't kasiyahan.

Pagbati

P—Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Amang nagtutuwid sa Kanyang mga anak, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B—At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Tayo ay nais mapabuti ng Panginoon. Ipinaaalam niya sa atin ang ating mga kamalian upang mapagsisihan at maituwid ang mga ito. Humingi tayo ng tawad para sa ating mga nagawang

kasalanan. (Manahimik saglit.)

P—Para sa aming kakulangan ng pananampalatayang ang iyong pagtutuwid sa amin ay pag-papakita ng iyong dalisay na pag-ibig, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kawalan ng pag-asang iyong patatawarin ang lahat ng taos-pusong nagsisisi sa kanilang mga kasalanan, Kristo, kaawaan mo kami!

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming mahinang pagmamahal sa iyo na nagiging sanhi ng aming pagmamatigas sa aming mga nakagawiang mali sa buhay, Panginoon, kaawaan mo kami!

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin

tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang

Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, kaming mga tinubos mo at kinupkop ay tungkulan mo ngayon sa iyong kagandahang-loob upang sa pagsampalataya sa Anak mong si Kristo makamtan ang kalayaan at pamana sa piling mo sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Ez 33:7-9

Sa ating unang pagbasa, binabalaan ng Diyos ang propetang gawin ang kanyang tungkuling ituwid ang mga naliligaw ng landas. Ang pagdinig o hindi sa tawag na itong magsisi ang siyang magdadala sa taong ito sa kaligtasan o sa kapahamakan. Hinihimok ng Salmong Tugunang huwag magmatigas ang tao sa tawag ng Diyos na magbagong-buhay.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

Ito ang sinasabi ng Panginoon: “Ikaw, Tao, ang ginagawa kong bantay ng Israel; anumang marinig mo sa akin ay sabihin mo sa kanila bilang babala.

Kapag sinabi ko sa taong masama na siya’y mamamatay at di mo ito ipinaabot sa kanya upang makapagbagong-buhay, mamamatay nga siya sa kanyang kasamaan ngunit pananagutan mo ang kanyang kamatayan. Ngunit kapag binabalaan mo ang masama gayunma’y hindi rin nagbagong-buhay, mamamatay siyang makasalanan ngunit wala kang dapat panagutan.”

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 94

B—Panginoon’y inyong dinggin, huwag n’yong s’yang salungatin!

R. M. Velez



Pa-ngi-no- o'y in-yong ding-gin,



h'wag n'yo s'yang sa-lu-nga-tin!

* **Tayo ay lumapit sa ting Panginoon, siya ay awitan, ating papurihan ang batong kubilhan nati't kalakasan. Tayo ay lumapit, sa kanyang harapan na may pasalamat. Siya ay purihin ng mga awiting may tuwa at galak.** **B.**

* **Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang, lumuhod sa harap nitong Panginoon sa ati'y lumalang. Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang, mga tupa tayong inaalagaan.** **B.**

* **Ang kanyang salita ay ating pakinggan: “Iyang inyong puso'y huwag patigas, tulad ng ginawa ng inyong magulang nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa. Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang, bagamat nakita ang aking ginawang sila'ng nakinabang.”** **B.**

Ikalawang Pagbasa Ro 13:8-10

Itinuturo ni San Pablo ang kahalagahan ng pag-ibig sa buhay ng isang alagad. Marami ang mga utos ng Diyos. Ngunit ang lahat ng ito ay matutupad sa pamamagitan ng dalisay na pagmamahal. Matupad sana natin ang lahat ng ninanais ng Diyos sa pamamagitan ng ating wagas na pag-ibig.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Huwag kayong magkaroon ng sagutin kaninuman, liban sa saguting tayo'y mag-ibigan; sapagkat ang umiibig sa kapwa ay nakatutupad sa kautusan.

Ang mga utos, gaya ng, “Huwag kang mangangalunya; Huwag kang papatay; Huwag kang magnanakaw; Huwag kang mag-iimbot;” at ang alinmang utos na tulad ng mga ito ay nabubuo sa ganitong pangungusap, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili.” Ang umiibig ay hindi gumagawa ng masama kaninuman, kaya't ang pag-ibig ang kabuuan ng kautusan.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Aleluya 2 Cor 5:19

B—Aleluya! Aleluya!

Pinagkasundo ni Kristo ang Diyos at mga tao; kaya't napatawad tayo. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 18:15-20

Inilalahad ng Panginoon kung paano ang tamang paraan ng pagtutuwid sa isang kapatid na nagkakamali. Ang unang dapat gawin ay ang sarilinanang pagtutuwid na sila lamang dalawa ang sangkot. Ang ikalawa ay ang munting pagtutuwid, kung saan ilang matatalik na kaibigan lamang ang nasasangkot. Kapag hindi tumalab ang mga ito ay sa kana dapat gawin ang pangkalahatang pagtutuwid. Ito ay ang babala na manggagaling sa buong pamayanan at ibibigay ng mga namumuno sa Bayan ng Diyos.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad:

“Kung magkasala sa iyo ang kapatid mo, puntahan mo siya at kausapin nang sarilinan. Kapag nakinig siya sa iyo, ang pagsasama ninyong magkapatid ay napapanauli mo sa dati at napanunumbalik mo siya sa Ama. Ngunit kung hindi siya makinig sa iyo, magsama ka pa ng isa o dalawang tao upang ang lahat ng pinag-usapan ninyo ay mapatunayan ng dalawa o tatlong saksi. Kung hindi siya makinig sa kanila, sabihin mo ito sa pagtitipon ng simbahan. At kung hindi pa siya makinig sa natitipong simbahan, ituring mo siyang Hentil o isang publikano.

Sinasabi ko sa inyo: anumang ipagbawal ninyo sa lupa ay ipagbawal sa langit, at anumang ipahintulot ninyo sa lupa ay ipahihintulot sa langit.

Sinasabi ko pa rin sa inyo: kung ang dalawa sa inyo rito sa lupa ay magkaisa sa paghingi ng anumang bagay sa inyong panalangin, ipagkakaloob ito sa inyo ng aking Amang nasa langit. Sapagkat saanman may dalawa o tatlong nagkakatiyon dahil sa akin, naroon akong kasama nila.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa

Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Hingin natin sa Diyos na kayanin nating magmahal nang tunay sa ating mga kapatid sa pamamagitan ng pagsisikap na sila’y mapabuti. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

B –Amang mapagmahal, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang pangunahan nila ang kanilang kawan sa pagtutuwid ng kanilang mga sarili at nang maging mabisa ang kanilang pagsisikap na mapabuti ang lahat, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic*, upang maisaayos nila ang ating lipunan at mahanap ang mga tamang lunas sa mga sakit ng bayan, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa lahat ng mga kumikilos sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19 pandemic*, at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang manatili silang laging ligtas sa kanilang pagpupunyaging ituwid ang mga nagkakamali, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa ating lahat na mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay ating malaman ang ating mga kamalian, ituwid ang ito, at maging masigasig sa panunumbalik ng pagkakaisa sa Simbahan, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Para sa ating lahat na nanaalangin sa Linggong ito, upang hindi tayo matukso ng pag-aakalang ang hindi pagtutuwid sa mga kamalian ng ating mga kapatid ang paraan para ipamalas ang ating pagtingin sa kanila, manalangin tayo sa Panginoon!

B.

* Tahimik nating ipanalangin ang ating sariling mga kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo!

B.

P –Ama naming karapat-dapat mahal nang lubos, isugo Mo sa amin ang Iyong Espiritung Banal upang mabuksan ang aming puso at malinawan naming ng aming pagkakiligaw ng landas na ipinabatid sa amin ng aming mga kapatid ang kanilang pagpapakita ng dalisay nilang pag-ibig, ayon sa pagtuturo ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B –Amen!



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, ikaw ang gumagawa ng wagas na katapatan at kapayapaan. Ipagkaloob mong ang iyong kadakilaan ay aming handugan ng iyong minamarapat na aming maialay at nawa’y magkaisa kami sa pakikinabang sa banal na paghahaing ngayo’y ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo VII

P –Sumainyo ang Panginoon!

B –At sumaiyo rin!

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B –Itinaas na namin sa Panginoon!

P –Pasalamat natin ang Panginoon ating Diyos!

B –Marapat na siya ay pasalamat!

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama’t di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami’y tunguhan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha’t ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B –Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B –Ama namin . . .

P –Hinihiling namin . . .

B –Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P –Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang

mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kami’y usang nauuhaw sa tubig na nasa bukal, ika’y pinananabikan, Diyos naming minamahal, tubig kang buhay ang alay.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa iyong salita at piging na banal ay iyong pinalalakas at iyong binubuhay. Pagindapatin mong kami’y makapakinabang sa buhay ng iyong

Anak na para sa ami’y sarili niya ang alay bilang aming Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

–Bigyan nawa kayo ng kaba-baang-loob sa pagtanggap ng pagwawasto at katatagan sa pagtutuwid ng pagkakamali.

B–Amen!

P–Gawin nawa kayo ng Pangi-

noong matatapang na propeta sa inyong kapaligiran upang kayo’y maging kasangkapan para sa pagsisisi ng mga nagkasala.

B–Amen!

P–Puspusin nawa kayo ng Panginoon ng kanyang biyaya tuwing kayo’y nagdarasal sa ngalan niya.

B–Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan at maging kasangkapan nawa kayo ng pagmamahal ng Diyos para sa lahat.

B–Salamat sa Diyos!

Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

(P. René T. Lagaya, SDB)

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang **Unitatis redintegration** (Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa) na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikalawang Kabanata nito ay may walong bilang. Ang tinalakay nito ay kung paano dapat ipatupad ang gawain ng Ekumenismo. Ang ikalabindalawang bilang ay nakatuon sa kinakailangang pagtutulungan ng lahat ng mga Kristiyano sa larangang panlipunan. Ito ay talagang makatutulong sa pagpapanumbalik ng pagkakaisa sa Simbahan.

IKALAWANG KABANATA: ANG PAGPAPATUPAD NG EKUMENISMO

12. “Dati, hinahayaan ng buong daigdig ang lahat ng mga Kristiyanong ipahayag ang kanilang panampalataya sa Diyos, iisa

at tatlo, at sa Anak ng Diyos na nagkatawag-tawag, ang ating Manunubos at Panginoon. Nagkakaisa sa kanilang pagsisikap at sa paggalang sa isa’t isa, dapat silang hayaang saksihan ang kanilang iisang pag-asa na hindi magkaka-bula. Dahil sa ang pagtutulungan sa mga bagay na panlipunan ay kalat na kalat sa ating panahon, ang lahat ng tao, at ni isa ay hindi isinasaisang-tabi, ay tinatawag na gumawa nang sama-sama; higit na mabigat ang dahilan para sa mga sumasampalataya sa Diyos, ngunit lalong-lalo na sa lahat ng mga Kristiyano, sa pagkakataglay nila ng tatak ng Ngalan ni Kristo. Ang pagtutulungan ng mga Kristiyano ay nagpapahayag na buhay na buhay ang nagbibigkis sa kanila at nagpapamalas nang higit na malinaw ng mga katangian ni Kristong Lingkod. Ang pagtutulungang itong nagsimula na sa maraming bansa, ay dapat pang palaguin, lalo na sa mga pook kung saan ang pag-unlad

ng lipunan at ng teknolohiya ay nagaganap. Dapat itong tumulong sa tamang pagpapahalaga sa karangalan ng tao, sa pagtutulak ng mga pagpapala ng kapayapaan, sa pagdadala ng mga simulain ng Magandang Balita sa buhay ng lipunan, at sa pag-unlad ng mga sining at agham para sa isang tunay na Kristiyanong pamumuhay. Nararapat gamitin ang lahat ng paraan para alisin ang paghihirap sa ating panahon, tulad ng gutom at mga sakunang pangkalikasan, kawalan ng kaalaman, kahirapan, kakulangan ng pabahay, at hindi tamang pamamahagi ng yaman. Sa pamamagitan ng ganitong pagtutulungan, ang lahat ng mga sumasampalataya kay Kristo ay natututong magkaunawaan nang higit na madali at pahalagahan ang isa’t isa, at kung paano gagawing higit na makinis ang daan tungo sa pagkakaisa ng mga Kristiyano.”



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua